lalawigan ng
san diego

Ang Ating Los Peñasquitos Watershed

Ang mga watershed ay mga lupaing inaagusan ng tubig ng mga batis, lawa at ilog papunta sa mga karaniwang mababang lugar - kadalasang karagatan.

Ang Los Peñasquitos Watershed ay 1 sa 11 na watershed na nasa Lalawigan ng San Diego.
Ang Los Peñasquitos Watershed ay nagsisimula sa mga bundok na nasa silangan ng Poway at umaagos hanggang sa Karagatang Pasipiko, timog ng Del Mar, at ganun din sa Mission Bay. Kung kayo ay nakatira sa loob ng watershed na ito, maaaring makatulong ang inyong mga ginagawa sa inyong bahay at sa inyong komunidad upang mapaganda ang kalidad ng tubig sa ating mga ilog, lawa at karagatan.

Umaasa tayo sa ating mga watershed ng higit sa inyong inaakala.

Kapag tayo ay naglalakad sa kahabaan ng Los Peñasquitos Lagoon, namamangka sa Mission Bay, naglalakad sa Los Peñasquitos canyon o simpleng umiinom ng tubig, ginagamit natin ang resources ng ating watershed.

Mapa ng Los Peñasquitos Watershed

Maaari Nating Pangalagaan ang Ating mga Watershed sa Kaunting Hakbang Lang!

Ang tubig na dumadaloy sa ating watershed ay nakakakuha ng mga dumi tulad ng bakterya, sediment at basura na maaaring magpadumi sa ating mga daanan ng tubig. **Ang unang prayoridad sa Los Peñasquitos Watershed ay ang maiwasan ang polusyon mula sa bakterya, halimbawa na ang basura mula sa dumi ng hayop.** Bilang mga residente, nasa atin kung paano ito pananatilihing malinis. Kapag pinagsama-sama ang kilos ng bawat indibidwal, magdudulot ito ng malalaking pagbabago.

Maaari kayong tumulong na protektahan ang ating watershed sa pamamagitan ng paggawa ng mga simpleng aksyon na ito upang maiwasan ang polusyon:

Bakterya | *nakikita sa basura at imburnal*

- Panatilihing walang basura mula sa dumi ng hayop ang inyong bakuran. Magdala ng mga bag kapag ipinapasyal ang inyong alaga at itapon nang maayos ang kanilang dumi sa itinakdang lalagyan.
- Pangalagaan ang inyong imburnal o septic system. Ireport kaagad ang mga tagas o tapon mula sa imburnal sa 858-505-6657.
- Maayos na itapon ang RV sewage sa mga itinakdang dump station.



Sediment | *dumi at lupa*

- Walisan ang inyong driveway o balkon sa halip na gumamit ng hose. Itapon ang mga debris sa itinakdang lalagyan ang mga debris.
- Gumamit ng mulch o graba sa mga lugar na naka-landscape upang maiwasan ang erosyon at makatipid ng tubig.

Basura | *kabilang ang green waste*

- Itapon ang lahat ng mga basura sa itinakdang mga lalagyan at panatilihing sarado ang mga takip.
- Bisitahin ang https://wastefreesd.org/ upang malaman kung paano magtapon o mag-recycle ng mga partikular na bagay.

Ang Lalawigan ng San Diego at ang mga partner nito ay nagtutulungan din upang mapanatiling maayos ang ating mga watershed.

Kung nais ninyong malaman pa ang tungkol sa mga pagsisikap na ito sa Los Peñasquitos Watershed, bisitahin ang www.projectcleanwater.org/los-penasquitos-wma/

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon o para Magreport ng Polusyon.

1-888-846-0800 watersheds@sdcounty.ca.gov ■ www.sandiegocounty.gov/stormwater

SET 2022